



Pebrero, 2017

Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

Museum of Modern Ceramic Art, Gifu Daigdig ng mga Pinggan—Karilagan ng Kulay Asul sa IMARI Porcelain Ware

Noong huling bahagi ng panahon ng Edo ay maringal ang disenyo ng IMARI Porcelain Ware sa mga 「pagdiriwang」 sa iba't-ibang bahagi ng Japan. Nilagyan ng disenyo ng kisyobun, mga nauso at likas na bagay ng Edo ang malalaking pinggan na may higit 60 cm na diyametro. Ang karilagan ng kulay asul sa porcelain at istilo ng Edo ay malalaman sa ngayon sa pamamagitan ng naka-exhibit na may kabuuang 140 piraso ng malalaking pinggan na may kahanga-hangang kagandahan.



《Ebisu Ohashi Designed Porcelaine Ware》
Pribadong Koleksyon
(Larawan mula sa: Sekai Bunka Publishing Inc.)

※Ang “kisyobun” ay disenyo ng hayop at halaman na nagbibigay ng suwerte.

- ◆ **Panahong Bukas:** Hanggang Abril 9, 2017 (Linggo)
- ◆ **Lugar:** Museum of Modern Ceramic Art, Gifu
(Tajimi-shi Higashi-machi 4-2-5)
- ◆ **Admission Fee:**
Ordinary ¥900, College/University Student ¥700,
Senior High School pababa LIBRE
- ◆ **Para sa Katanungan:**
Museum of Modern Ceramic Art, Gifu
☎ 0572-28-3100 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
FAX 0572-28-3101

● **Populasyon sa Prepektura**
2,031,903

● **Bilang ng Sambahayan sa Prepektura**
753,212

※Mula Oktubre 1, 2015 hanggang kasalukuyan
(2015 National Census Result)

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayorin!!

Prefectural Government Public Relations TV Program
「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televisse
(Palabas) Huwebes 18:53~18:57
(Replay) Linggo 20:56~21:00

Ipapalabas sa
Gifu Channel (8ch).
Manood kayo !



フェイスブック 岐阜県 ミナモだより hanapin

Gifu Prefectural Museum “Pagpapanumbalik sa Larawan ng Sinaunang Nilalang ~Daigdig ni Takashi Oda~”

Ang pagpapanumbalik sa larawan ng mga sinaunang nilalang tulad ng dinosaur ay nakabatay sa nakuhang impormasyon mula sa



Klase ng Iguanodon na
Tumatawid sa Ibabaw ng Tubig
(Gumuhit: G. Takashi Oda)

maka-aghambag na pagkakasaliksik sa fossil sa pakikipagtulungan ng mga pintor at mananaliksik. Sa ganitong eksibisyon ay pangunahing makikita ang pagpapanumbalik sa larawan ng dinosaur na gawa ni G. Takashi Oda na kumakatawan sa Japan na habang ipinakikilala ang proseso ng pagpapanumbalik sa larawan ay ipakikilala rin ang hitsura ng pamumuhay ng mga dinosaur na nabuhay ng nakalipas na 66 milyon taon.

- ◆ **Panahong Bukas:** Hanggang Abril 9, 2017 (Linggo)
- ◆ **Lugar:** Gifu Prefectural Museum
(Seki-shi Oyana1989)
- ◆ **Admission Fee:**
Ordinary ¥330, College/University Student ¥110,
Senior High School pababa LIBRE
※Gifu Prefecture Hyakunen Park
Parking Area North Entrance (LIBRE)
- ◆ **Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Museum
☎0575-28-3111 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
FAX 0575-28-3110

Kahon ng Impormasyon

Impormasyon Magtatanghal ng 「Palabas ng Seiryu no Kuni Gifu - KABUKI sa Bagong Taon」

Ang palabas ng 「Lokal na KABUKI」 na ipinagmamalaki ng Prepektura ay itatanghal. Sa araw na ito ay isasagawa ang palabas sa pamamagitan ng Sami Kabuki Performances Executive Committee (Shirakawa-cho), Mino Kabuki Preservation Society (Mizunami-shi) at Kani Kabuki Club (Kani-shi). Pakisuyong pumunta kayo.

● **Petsa at Oras:** Pebrero 19, 2017 (Linggo) mula ala-1 ng hapon (Bukas ng 12:30 ng tanghali)

● **Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza Nagaragawa Hall (Gifu-shi Gakuen-cho 3-42)

● **Kapasidad:** 450 katao

● **Entrance Fee:** Libre ※Namimigay ng numeradong entrance ticket.

● **Para sa Katanungan:** Gifu Foundation for Education and Culture ☎058-233-8164 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

● **Hanaping Salita:** ぎふ清流文化プラザ 文化振興事業

Konsultasyon Libreng Konsultasyon Tungkol sa Dami ng Utang

Tutugon ang mga legal na eksperto sa konsultasyon tungkol sa dami ng utang.

● **Petsa at Lugar:** Pebrero 25, 2017 (Sabado)

General Consultation Center for Gifu Citizens

(5th Flr. Fureai Fukuju Kaikan Bldg. 1 Gifu-shi Yabuta Minami 5-14-53)

Marso 17, 2017 (Biyernes)

Chuno General Government Building (Mino-shi Ikushi 1612-2)

※Alinman ay 13:00 ~ 16:00

※Nagsasagawa rin ng konsultasyon sa telepono sa Pebrero 25, 2017

● **Paraan ng Konsultasyon:** Interbyu (30 minuto/1tao)

● **Aplikasyon:** Kailangan ng pati-unang reserbasyon; first come first served (6 na katao).

● **Pagtanggap:** Tumawag sa telepono ng tanggapan hanggang sa bago ng araw ng konsultasyon.

● **Para sa Aplikasyon · Katanungan:** General Consultation Center for Gifu Citizens

☎ 058-277-1003 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

● **Hanaping Salita:** 岐阜県 多重債務相談

Balita Pag-iwas sa mga Masahistang Walang Kuwalipikasyon sa Industriya ng Anma Massage

Kailangan ng lisensiya sa bawat klase ng masahe tulad ng anma, masahe, acupressure, acupuncture, moxibustion at judo reduction technique kung ito ay gagawing negosyo. May pataw na penalty ayon sa batas kung ito ay ginagawa bilang negosyo ng walang lisensiya.

Kung nais na sumailalim sa anma, masahe, acupressure, acupuncture, moxibustion at judo reduction technique, alamin ang nilalaman ng sistema at magpagamot ayon sa kuwalipikasyon ng tao. Ang listahan ng mga lugar na nagsasagawa nito ay nakalathala sa website ng Prepektura.

● **Para sa Katanungan:** Pinakamalapit na Public Healthn Center o sa Gifu Medical Institutions Management Divisions

☎ 058-272-8265 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

● **Hanaping Salita:** 岐阜県 施術所開設届一覧

Impormasyon Isasagawang Book Fair sa Rare Disease Day

Ang Rare Disease Day ay araw na naglalayon upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga pasyenteng may pambihirang sakit o rare disease. Ito ay ebento na ginagawa sa buong mundo sa bandang katapusan ng buwan ng Pebrero taon-taon.

Sa Prepektura ay nagsasagawa ng suporta sa mga konsultasyon at paliwanag tungkol sa mga pambihirang sakit sa pakikipagtulungan ng Gifu Prefecture Intractable Disease Liaison Council. Ngayong taon ng Pebrero 26 (Linggo) ay magsasagawa ng book fair bilang pangunahing ebento ang nasabing liaison council sa Prefectural Library at maglalagay rin ng poster sa bulletin at special feature corner sa Prefectural Library ayon sa petsang nasa ibaba.

● **Petsa:** Pebrero 25, 2017 (Sabado) ~ Marso 7, 2017 (Martes)

● **Lugar:** Gifu Prefectural Library Reading Room Entrance (Gifu-shi Usa 4-2-1)

● **Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Library Planning Division

☎058-275-5111(tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-275-5115

Impormasyon Pagsasagawa ng 「Skill Exhibition 2017」 Hida Furniture— Mapang-akit sa mga Mamimili」

Magkakaroon ng 「Skill Exhibition 2017」 para sa tagumpay sa kakayahan ng mga trainee sa Gifu Prefectural School of Woodcraft matapos ang 1 taon na pagsasanay. Sa pagpapakilala at exhibit sa mga nagawang woodcraft ay ipagbibili sa pamamagitan ng raffle draw ang halos 100 pirasong woodcraft sa mga bumisita.

● **Petsa at Oras:** Marso 5, 2017 (Linggo) Opening: 9:00 a.m.

Raffle Draw: 11:00~ (Huling Paglalagay sa Raffle Entry: 10:45)

● **Lugar:** Gifu Prefectural School of Woodcraft (Takayama-shi Takumigaoka-machi 1-123)

● **Entrance Fee:** May LIBRE na parking area.

● **Aplikasyon:** Hindi kailangan, dumeretso na lamang sa tanggapan.

● **Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural School of Woodcraft

☎ 0577-32-1143 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 0577-32-1929

● **Hanaping Salita:** 木工芸術

Balita **Tungkol sa Paggamit sa Forestry & Environmental Tax para sa
Konserbasyon at Pagpapanumbalik ng Natural na Kalikasan**

Mula 2012 ay ipinakikilala ang 「Seiryu no Kuni Gifu— Forestry & Environmental Tax」 upang maprotektahan ang mayamang kagubatan at malinis na ilog sa Prepektura. Dahil ang pagsasagawa sa konserbasyon at pagpapanumbalik sa natural na kalikasan ay nangangailangan ng sapat na oras at patuloy na pagsisikap, ang sistema ng Forestry & Environmental Tax ay pinalawig ng 5 taon hanggang 2021 para sa patuloy na pagsasagawa nito. Kaya't hinihiling ang pang-unawa at kooperasyon ng mga organisasyon na may opisina at negosyo, gayundin ng mga naninirahan sa Prepektura.

○Pangunahing pinaggagamitan ng buwis:

- Pagpapanatili sa watershed at kakahuyan sa kagubatan.
- Pangangalaga sa wildlife tulad ng baboy-ramo at usa.
- Pagpapatupad sa pangangalaga sa mga puno at pagtuturo tungkol sa kapaligiran.
- Pagsuporta sa aktibidad ng pangunahing lokal para sa konserbasyon sa kapaligiran.

●**Para sa Katanungan:** Tungkol sa pinaggagamitan ng buwis...

Prefectural Gov't. Forestry Promotion Division ☎ 058-272-8472 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Tungkol sa sistema ng buwis...

Prefectural Gov't. Taxation Division ☎ 058-272-1153 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Ang impormasyong ito ay para sa kasalukuyan ng Enero 6, 2017.

Para sa katanungan sa mga impormasyong nasa itaas, makipag-ugnayan sa:

Gifu Ken Public Relations Division ☎058-272-1111 (Dir. Ln.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng: **Gifu International Center** <http://www.gic.or.jp>